# Balitang Manmin

BILANG 159 HULYO 3, 2016

## Banal na Pagsamba ng mga Lider ng Maliliit na Grupo, at ng Bawat Distrito at mga Distritong Sakop Nito sa Taong 2016

### Titulo: Ang Sukat ng Pananampalataya (Mga Taga-Roma 12:3) Tagapagsalita: Punong Pastor Dr. Jaerock Lee



Noong Mayo 22, 2016, naghandog ng banal na pagsamba ang mga lider ng maliliit na grupo, ang mga distrito at mga distritong sakop nito sa Pagsamba sa Linggo ng Gabi. Umabot sa 1,690 ang mga nanalangin, kabilang na ang mga lider ng tatlong malalaking parokya (parokya 1-9, parokya 10-21, at parokya 22-32); ang Parokyang Tsino (Koreanong Tsino at Tsino); at ang Parokya ng mga Banyaga (binubuo ng mga taga-ibang bansang naninirahan sa Korea). Dinaluhan din ito ng mga lider mula sa 43 sangay na iglesya: Masan, Daejon, Silangang Gwangju, Gumi, Miryang, Changwon, Cheonan, Muan, Yeosu, Iksan, Jeonju, at Bagong Gwangju Manmin Churches.

Habang idinadaos ang pagsamba, ipinapalabas ito sa GCN (www.gcntv.org) at sa internet. Namuno sa pagsamba si Elder Hongki Park, Presidente ng Samahan ng mga Lider ng Distrito. Ang pambungad na pananalangin ay pinamunuan ni Diakonesa Kyungae Jeon, Presidente ng Samahan ng mga Kababaihang Lider ng Maliliit na Grupo, at binasa naman ng Punong Diakonesa Misun Kil ng Daejon Manmin Church ang mga talata mula sa Biblia. Taos-pusong naghandog ang mga dumalo ng espesyal na awiting papuri para sa Diyos.

Ang Punong Pastor Dr. Jaerock Lee ang naghatid ng mensahe na pinamagatang "Sukat ng Pananampalataya", batay ito sa Mga Taga-Roma 12:3. Tinalakay niya ang tatlong punto kung paano makakamit ang pananampalataya na nababagay sa mga lider.

Hinikayat niya ang mga dumalo na sikaping magkaroon ng kaloobang tulad ng sa Panginoon batay sa tatlong punto: kalaliman ng puso, ibig sabihin, gaano na ang espirituwal na pag-ibig at kahinahunan ninyo; kalawakan ng puso, ibig sabihin, ilang kaluluwa ang matatanggap at paglilingkuran ninyo; at ang kapasidad ng puso, sa madaling salita, paano ninyo ito ipinapakita at isinasagawa.

Habang sumasamba, nagdesisyon ang mga nanalangin na palaguin pa ang pananampalataya, maglingkod sa mga kaluluwa na may pusong tumutulad sa Panginoon, at kamtin ang mataas na sukat ng pananampalataya na babagay sa pagiging ganap ni Cristo.



## Idinaos ng Crystal Forum ang Crystal Music Festival sa Israel



Niluwalhati ang Diyos ng mga tao na nagmula pa sa iba't ibang bansa sa Crystal Music Festival. Inanyayahan sina Diakonesa Seongkyul Ju at ang Glory Worship Dance Team ng Manmin Central Church (gitna), naantig ang damdamin ng mga dumalo.

Noong Sabado, Mayo 14, 2016, ganap na ika-6:00 ng gabi, idinaos ang Crystal Music Festival sa Kibbutz Shefayim Hall, Kibbutz Hotel, Israel. Humigit-kumulang 900 tao ang dumating kabilang na ang mga Messianic Jews (mga Judio na naniniwalang si Jesus ang Mesyas), mga taga-South Korea, Russia, Ukraine, Pilipinas, Africa, at Latvia.

Noong taong 2010 sinimulan ang pagdaraos ng Crystal Music Festival ng Crystal Forum (Samahan ng mga pastor na taga-Israel). Magmula noong taong 2012, iniimbitahan na ang mga grupong tagapagtanghal mula sa Manmin Central Church, niluluwalhati nila ang Diyos. Sa taong ito, nagtanghal sa unang bahagi at sa pagtatapos ng okasyon sina Diakonesa Seongkyul Ju at ang Glory Worship Dance Team mula sa Komite ng Sining. Sinayaw nila ang mga tradisyunal na awitin ng Israel, ang fan dance (sayaw na may mga pamaypay), at ang makapangyarihang sayaw ng pagsamba. Nagpuri si Diakonesa Ju sa Diyos at namuno sa pag-awit ng mga papuri para sabay-sabay umawit para sa Diyos ang kongregasyon.

Ang okasyong ito ay ipinalabas sa pamamagitan ng satellite at internet ng GCN, TBN Russia, CNL, Impact TV, at In Victory, para magkaroon ng pagkakataon ang mga mamamayan ng Russia, Ukraine, Estados Unidos, Kazakhstan, at Israel na makibahagi sa pamamagitan ng pagbobrodkast.

Ang Crystal Forum ay binuo ng mga pastor na mula sa Israel. Pinasigla at pinalakas ng ministeryo ni Dr. Jaerock Lee sa Israel ang kalooban at espiritu nila. Ipinangaral ni Dr. Lee ang ebanghelyo at nagpakita siya ng kapangyarihan sa maraming lugar sa buong Israel sa 12 beses na pagbisita niya sa loob ng tatlong taon na nagsimula noong Hulyo 2007.

Noong Setyembre 2009, idinaos niya ang Krusada ng Pagkakaisa sa Israel sa Jerusalem International Convention Center. Magmula noon, nakapagdaos na ang mga pastor na miyembro ng Crystal Forum ng iba't ibang ministeryo tulad ng mga okasyong may kantahan, tugtugan, at sayawan, mga krusadang may banal na pagpapagaling, mga seminar para sa mga pastor, camping para sa mga kabataan, at mga seminar para sa mga mag-asawa.



Punong Pastor Dr. Jaerock Lee

# Ang Kalooban ng Diyos Tungkol sa Punungkahoy ng Pagkakilala ng Mabuti at Masama

"Kinuha ng PANGINOONG Diyos ang lalaki at inilagay sa Halamanan ng Eden upang ito ay kanyang bungkalin at ingatan.
At iniutos ng PANGINOONG Diyos sa lalaki, na sinasabi,
'Malaya kang makakain mula sa lahat ng punungkahoy sa halamanan,
subalit mula sa punungkahoy ng pagkakilala ng mabuti at masama ay huwag kang kakain;
sapagkat sa araw na ikaw ay kumain niyon ay tiyak na mamamatay ka.'"
(Genesis 2:15-17)

Madalas itanong ng mga taong hindi nakakabatid ng malalim na plano ng Diyos sa pangangalaga ng sangkatauhan ang, "Bakit naglagay ang Diyos ng punungkahoy ng pagkakilala ng mabuti at masama sa halamanan at naging daan ito ng pagkawasak ng tao?"

Ang Diyos ng pag-ibig ay hindi naglagay ng punungkahoy ng pagkakilala ng mabuti at masama para magkasala at mamatay ang sangkatauhan. Ano ang plano ng Diyos?

### 1. Ang Pagpapala at Babala na Ibinigay kay Adan, ang Unang Nilalang

Kahit hindi na dumaan sa pagiging sanggol ang unang nilalang na si Adan, ang pag-iisip niya ay parang bagong panganak na sanggol. Kaya habang siya ay nasa Halamanan ng Eden, dumaan siya sa proseso ng pagkuha ng napakaraming espirituwal na kaalaman, kasama na ang mga bagay tungkol sa Diyos, espirituwal na kaharian, katotohanan, kabutihan, liwanag at iba pang bagay tulad nito, at ang mga kaalamang kinakailangan para mapamahalaan niya ang lahat ng nilikha. Pagkatapos ng prosesong ito, nakamit ni Adan ang mga katangiang kinakailangan bilang panginoon ng lahat ng bagay para pamunuan at pamahalaan ito.

Sa Genesis 1:28, sinabi ng Diyos kay Adan, "Kayo'y magkaroon ng mga anak at magpakarami, punuin ninyo ang lupa at supilin ninyo ito." Nagkaroon ng maraming anak ang unang nilalang, sila ay 'nagpakarami'. At bilang panginoon ng lahat ng bagay, napakalaki ng kapangyarihan niya sa loob ng mahabang panahon. Pero binigyan ng Diyos ng malayang kalooban ang tao, at pinagbawalan itong gawin ang isang bagay. Iniutos ng Diyos sa tao na huwag kumain mula sa punungkahoy ng pagkakilala ng mabuti at masama. Pagkalipas ng mahabang panahon, nawala na isipan nina Adan at Eva ang iniutos ng Diyos sa kanila, kumain sila mula sa punungkahoy ng pagkakilala ng mabuti at masama.

### 2. Paano Nagkasala ang Tao

Ipinaliliwanag ng Genesis 3:1 ang proseso tungkol sa pagkakasala ng unang nilalang na si Adan.

Pinakatuso ang ahas sa mga hayop na ginawa ng Diyos, tinukso nito si Eva, ang babaing nilalang ng Diyos. Ito ang dahilan kung bakit galit ang mga tao sa ahas ngayon, dinala nito sa kamatayan ang sangkatauhan.

Dati, bago manukso ang ahas sa halamanan, nakagigiliw at maganda sa paningin ang mga ahas. Matalino ito, napapaibig niya ang mga tao, hindi tulad ngayon.

Isang araw, tinanong na ahas ang babae, "Sinabi ba ng Diyos, 'Huwag ninyong kakainin ang mula sa alinmang punungkahoy sa halamanan?'" Sumagot ang babae, "Makakain namin ang bunga ng mga punungkahoy sa halamanan; subalit sinabi ng Diyos, 'Huwag ninyong kakainin ang bunga ng punungkahoy na nasa gitna ng halamanan; huwag din ninyo itong hihipuin, kundi kayo'y mamamatay.'"

Maliwanag ang sinabi ng Diyos, "...tiyak na mamamatay ka," pero sinabi ni Eva sa ahas na sinabi ng Diyos, "...mamamatay ka." Binawasan at binalewala niya ang iniutos ng Diyos. Pinalitan niya ang sinabi ng Diyos na, "tiyak na mamamatay ka" at ginawang "mamamatay ka." Nakita ng ahas ang pagkakataon, sinabi nito kay Eva, "Tiyak na hindi ka mamamatay! Sapagkat nalalaman ng Diyos na kapag kayo'y kumain nuon ay mabubuksan ang inyong mga mata, at kayo'y magiging kagaya ng Diyos, na nakakakilala ng mabuti at masama."

Nang natukso si Eva ng ahas, nagsimula ang pagnanasa ng laman, pagnanasa ng mga mata, at pagmamataas sa buhay, sa paningin nila mabuting kainin ang bunga ng punungkahoy, nagustuhan niya ito. Kumain si Eva mula sa punungkahoy ng pagkakilala ng mabuti at masama, binigyan pa niya si Adan.

Ayon sa sinasabi ng batas ng espirituwal na kaharian, "Ang kabayaran ng kasalanan ay kamatayan" (Mga Taga-Roma 6:23), ang sinabi ng Diyos na "Tiyak na mamamatay ka" ay tinupad, babayaran ng tao ang kasalanan niya. Pero hindi ito nangyari agad kina Adan at Eva pagkatapos nilang kumain mula sa punungkahoy ng pagkakilala ng mabuti at masama.

Nang sabihin ng Diyos, "Tiyak na mamamatay ka," hindi lang pisikal na kamatayan ang itinutukoy Niya, kundi pati ang kamatayan ng espiritu, ang namumuno sa tao; ang pagwawakas ng komunikasyon sa pagitan ng Diyos at ni Adan ay "kamatayan ng espiritu ni Adan." Bukod dito, pagkatapos niyang magkasala, bawat inapo niya ay naging makasalanan, mamamatay sila, at lahat ng bagay sa mundo ay isinumpa (Genesis 3:17).

Mas matindi ang sumpa sa ahas kaysa sa lahat ng nilalang. Sa Genesis 3:14, sinabi ng Diyos sa ahas, "...ang iyong tiyan ang ipanggagapang mo, at alabok ang iyong kakainin sa lahat ng mga araw ng iyong buhay." Sa espirituwal na diwa, ang "ahas" na itinutukoy dito ay ang kaaway na diyablo at Satanas, habang ang "alabok" ay sumisimbulo sa tao na hinubog mula sa "alabok sa lupa."

Sa madaling salita, kapag sinabing kakain ng alabok ang ahas, ang ibig sabihin nito ay mamumuno ang kapangyarihan ang kaaway na diyablo at Satanas, at magdadala sila ng mga pagsubok, dalamhati, at pagdurusa sa makalaman na mga tao na lubog sa kasalanan. Ito ang dahilan kung bakit ang mga taong makamundo ay nagdurusa mula sa lahat ng klaseng kahirapan.

### 3. Ang Dahilan Kung Bakit Naglagay ang Diyos ng Punungkahoy ng Pagkakilala ng Mabuti at Masama sa Halamanan ng Eden

Kahit batid na ng Diyos na kakain si Adan mula sa punungkahoy ng pagkakilala ng mabuti at masama, inilagay pa rin Niya ito sa halamanan dahil nais Niyang bigyan si Adan ng tunay na kasiyahan!

Hindi nakaranas si Adan ng kalungkutan habang naninirahan siya sa Halamanan ng Eden. Dahil dito, hindi siya nakaramdam at nakaranas ng tunay na kaligayahan. Para ikatuwa ng sinuman ang tunay na halaga ng isang bagay, dapat maranasan niya ang kabaliktaran ng 'bagay' na ito. Ibig sabihin, may kinalaman ang isang pangyayari sa isa pang pangyayari.

Halimbawa, kung hindi ka pa nagkakasakit magmula nang ipanganak ka, hindi mo maiintindihan ang paghihirap at kalungkutan na dala ng pagkakasakit, ni hindi mo tunay na mapahahalagahan ang mabuting kalusugan. Ang mga nakaranas ng gutom ang makakapagpahalaga sa maraming pagkain, at mapapahalagahan ng mga tao ang kabutihan at kaliwanagan kapag may kasamaan at kadiliman.

Kung hindi nasaksihan ni Adan ang kamatayan sa Halamanan ng Eden na walang kalungkutan, hindi niya maiintindihan ang Diyos nang sabihin nito na mamamatay siya kung kakain mula sa punungkahoy ng pagkakilala ng mabuti at masama. Nang maranasan niya ang paghihirap at kalungkutan na dala ng gutom, lamig, init, kamatayan, paghihiwalay, kasalanan, at kasamaan sa mundong isinumpa, natanto ni Adan kung gaano kasaya at kaligaya ang buhay niya sa Halamanan ng Eden.

Kahit napakamasagana ng buhay ng isang tao, kung hindi niya batid ang tunay na kaligayahan sa buhay, masasabi bang tunay na makabuluhan ang buhay niya? Ang buhay na totoong kapaki-pakinabang ay kung maligaya ang isang tao kahit may kaunting pagdurusa. Ito ang dahilan kung bakit naglagay ang Diyos ng punungkahoy ng pagkakilala ng mabuti at masama. Para malaman at maintindihan ng tao kung ano ang tunay na kaligayahan kapag nakaranas siya ng kalungkutan at pagdurusa.

Ayon sa malayang kalooban niya, kumain si Adan mula sa punungkahoy ng pagkakilala ng mabuti at masama, dahil sa pagkakasala niya, nabuhay ang sangkatauhan sa gitna ng mga pagdurusa mula sa lamig, init, sakit, kahirapan, gutom, paghihiwalay, kamatayan, at iba pang bagay tulad nito. Kapag pumasok tayo sa Langit pagkatapos ng pangangalaga at maranasan ang kabaliktaran ng mga bagay na karaniwang nararanasan natin, matatanto natin kung gaano kaganda ang buhay sa Langit. Magpasalamat tayo sa Diyos nang taos-puso, at mabuhay sa walang katapusang kasiyahan at kagalakan.

Mahal kong mga kapatid kay Cristo, naglagay ang Diyos ng punungkahoy ng pagkakilala ng mabuti at masama, pinangalagaan Niya ang sangkatauhan, at inihanda Niya ang daan para sa lahat ng taong makasalanan, para sila ay maligtas. Sinasabi sa atin ng 2 Mga Taga-Corinto 4:17, "Sapagkat inihahanda tayo nitong magaan at panandaliang kapighatian para sa walang hanggan at di-masukat na kaluwalhatian," kahit panandalian tayong magkaroon ng kalungkutan at pagdadalamhati dito sa mundo, tatamasahin natin ang "walang hanggang kaluwalhatian na hindi maikukumpara sa kahit anong bagay" sa hindi maipapaliwanag na kaluwalhatian ng langit.

Idinadalangin ko sa pangalan ng Panginoon na maintindihan nawa ninyo ang daan ng kaligtasan, magkaroon ng kagalakan at kasiyahan ng pagiging ligtas, at sa katapusan ay manirahan sa walang hanggang Langit.

## Pahayag ng Pananampalataya

1. Naniniwala ang Manmin Central Church na ang Biblia ay Salita ng Diyos at ito ay perpekto at walang mali.
2. Naniniwala ang Manmin Central Church sa pagkakaisa at pagkilos ng Diyos sa Tatlong Persona: Diyos na Banal na Ama, Diyos na Banal na Anak, at Diyos na Banal na Espiritu.
3. Naniniwala ang Manmin Central Church na tayo ay mapapatawad sa ating mga kasalanan sa pamamagitan lamang ng pagtubos ng dugo ni Jesu-Cristo.
4. Naniniwala ang Manmin Central Church sa muling pagkabuhay at pag-akyat ni Jesu-Cristo sa Langit, sa Kanyang Pangalawang Pagbabalik, sa Milenyo, at sa walang hanggang Langit.
5. Ang mga miyembro ng Manmin Central Church ay nagpapahayag ng kanilang pananampalataya sa pamamagitan ng "The Apostles' Creed" o Credo ng Apostol sa bawat pagtitipon at pinaniniwalaan nila ang bawat isang salitang nakapaloob dito.

"Siya [Diyos] ang nagbibigay sa lahat ng tao ng buhay at ng hininga, at ng lahat ng bagay na ito." (Ang Mga Gawa 17: 25)

"Walang kaligtasan sa kanino pa man, sapagkat walang ibang pangalan sa ilalim ng langit na ibinigay sa mga tao na ating ikaliligtas." (Ang Mga Gawa 4: 12)

Tagalog
Balitang Manmin
Inilathala ng Manmin Central Church
Address: 29, Digital-ro 26-gil, Guro-gu, Seoul, Korea, 08389
Telepono: 82-2-818-7047 Fax: 82-2-818-7048
Website: http://www.manmin.org/english
www.manminnews.com
Email: manminen@manmin.kr
Tagapaglathala: Dr. Jaerock Lee Punong Patnugot: Geumsun Vin



# Ipakita ang Espirituwal na Pag-ibig – Nagtitiwala, Umaasa, at Nagtitiis ng Lahat ng Bagay

May mga taong palaging nagkakamali, nakakasira at nagpapahirap sila sa ibang tao. May mga maraming reklamo at nagtatampo, kahit tungkol sa maliliit na bagay lang. Kapag may dapat kayong gawin bilang isang grupo, at kasama ang mga taong tulad nito, iisipin ninyong mas mabuti pa kung hindi na lang sila sumama. Gayon pa man, bilang mga anak ng Diyos, dapat nating ipakita ang espirituwal na pag-ibig na 'nagtitiwala, umaasa, at nagtitiis ng lahat ng bagay' kahit para sa mga taong tulad nito. Pag-usapan natin ang mga paraan kung paano natin gagawin ito.

## ◆Una◆

### Magtiwala tayo sa pag-ibig ng Diyos hanggang sa huli

Mababasa sa 1 Pedro 1:7, "...upang ang kadalisayan ng inyong pananampalataya na mas mahalaga kaysa gintong nasisira, bagama't ito'y sinusubok sa pamamagitan ng apoy, ay mauwi sa kapurihan, kaluwalhatian at karangalan sa pagpapakita ni Jesu-Cristo."

Nais ng Diyos ang mabilis na paglago ng pananampalataya ng Kanyang mga anak at magtagumpay sila nang may pananampalataya sa bawat pagsubok kahit gaano katindi ito. Ito ang paraan para makamit ang walang hanggang papuri, kaluwalhatian, at karangalan sa Langit magpakailanman.

Maaaring humarap tayo sa hindi makatarungang pagdurusa habang sinusunod natin ang Salita ng Diyos. Dapat tayong magtiwala na tumatanggap tayo ng espesyal na pagmamahal mula sa Diyos para mapagtagumpayan natin ang mga ito. Isipin natin na nagmumula ito sa pag-ibig ng Diyos na magdadala sa atin sa mas magandang tirahan sa Langit, taos-puso natin Siyang pasalamatan.

Bukod pa riyan, magtiwala tayo sa pag-ibig Niya hanggang sa wakas. Maaaring masaktan tayo kapag sinusubok ang pananampalataya natin. Kung matindi ang sakit na nararanasan sa mahabang panahon, baka isipin ng iba, "Bakit hindi ako tinutulungan ng Diyos? Talaga bang mahal Niya ako?"

Kung mag-aalinlangan tayo sa pag-ibig Niya, baka sumuko tayo. Baka magreklamo at magtampo tayo sa Kanya. Ingatan natin ang pag-ibig ng Diyos sa puso natin, magtiis tayo sa mga pagsubok. Pagtiwalaan natin na nais ng Diyos na dalhin tayo sa mas magandang tirahan sa Langit dahil minamahal Niya tayo.

Kung pagtitiwalaan natin ang pag-ibig ng Diyos at magtitiis hanggang sa wakas, magiging pepekto tayo (Santiago 1:4). Ang pagsubok ay pag-ibig ng Diyos na kumakalinga sa atin. Umaasa ako na hindi magbabago ang pagtitiwala ninyo sa pag-ibig na ito para mapagtiisan at mapagtagumpayan ninyo ang lahat ng pagsubok.

## ◆Pangalawa◆

### Magtiwala tayo na pinapadali ng mga pagsubok ang paraan para matupad ang mga inaasahan

Sinasabi ng Mga Taga-Roma 5:3-4, "At hindi lamang gayon, kundi nagagalak rin tayo sa ating mga kapighatian sa pagkaalam na ang kapighatian ay nagbubunga ng pagtitiis, at ang pagtitiis ng pagpapatibay; at ang pagpapatibay ng pag-asa." Sinabi, ang matinding paghihirap na idinudulot ng mga pagsubok ay mabilis na paraan para matupad ang ating mga inaasahan.

Maaaring iniisip ng iba, "Kailan kaya ako magbabago?" Kung patitiisan natin ang ating mga pagsubok at magpapatuloy sa pagbabago ng sarili, magiging mga tunay at perpektong mga anak tayo ng Diyos, tumutulad sa Kanya. May mga katangian na tayo para makapasok sa Bagong Jerusalem.

Kaya kapag may dumating na pagsubok, huwag natin itong takasan o iwasan, sikapin nating magtagumpay. Mas gusto ng tao ang madaling paraan, pero kung iiwasan o tatakasan natin ang mga pagsubok, mas matatagalan ang pagdating natin sa hinahangad nating destinasyon.

Ipagpalagay nating mayroong isang tao na nagpapahirap sa inyo sa lahat ng bagay. Hindi palagay ang loob ninyo sa taong ito, hindi lang ninyo ipinapahalata. Iniiwasan ninyo siya. Huwag ninyong balewalain ang situwasyong ito, kumilos kayo para magtagumpay kayo. Magtiis kayo kapag siya ay kasama ninyo, at sikapin ninyong intindihin siya at patawarin. Kung gagawin ninyo ito, bibigyan kayo ng Diyos ng pagpapala at kalakasan na kinakailangan para mahalin ang taong ito.

Ang mga pagsubok ay maiksing paraan patungo sa inaasahan ninyo. Kung totoong gusto ninyong magkaroon ng espirituwal na pag-ibig sa tuwing haharap kayo sa pagsubok, magalak kayo, isipin ninyong maiksi lang ang daraanan ninyo.

## ◆Pangatlo◆

### Kabutihan lang ang gawin

Nabuhay si Daniel ayon sa Salita ng Diyos, hindi siya nagpadala sa kamunduhan, pero itinapon siya sa yungib ng mga leon dahil sa pakana ng masasamang tao (Daniel 6). Pero ni hindi siya nagreklamo laban sa Diyos. Hindi rin siya nagreklamo laban sa haring nagtapon sa kanya sa yungib. Kahit batid niya ang tungkol sa masamang pakana, hindi siya gumanti ng masama sa mga nagplano laban sa kanya. Dahil batid niya ang kalooban ng Diyos, pinili niyang gumawa ng mabuti.

Ipinadala ng Diyos ang mga anghel Niya para itikom ang bibig ng mga leon, inilayo nila si Daniel sa kapahamakan. Sa halip na si Daniel, ang masasamang taong nagplano ng masama laban sa kanya ang sinila ng mga leon.

Para kayong mangmang kung gagawan ninyo ng kabutihan ang mga taong gumagawa ng masama sa inyo. Pero kung batid natin ang batas ng espirituwal na kaharian, mas makakatulong kung magpapakita kayo ng kabutihan. Ito rin ay paraan para tumanggap ng mga pagpapala. Daigin natin ng kabutihan ang kasamaan.

Sa paningin ng mga taong makalaman, nagmumula sa ibang tao o mga situwasyon ang mga pagsubok. Pero sa espirituwal na diwa, dinadala ito ng kaaway na diyablo at Satanas. Lalaban tayo sa espirituwal na labanan para magtagumpay sa pagsubok. Para magtagumpay sa labanang ito, dapat tayong lumaban ayon sa tuntunin ng espirituwal na kaharian.

Sinasabi ng Mga Taga-Roma 12:21, "Huwag kang padaig sa masama, kundi daigin mo ng mabuti ang masama." Kung magiging mabuting tao tayo, parang talo tayo sa labanan, pero sa totoo lang, panalo tayo. Ito ay sapagkat ang makatarungan at mabuting Diyos ang may kapangyarihan sa tagumpay, kabiguan, buhay, at kamatayan ng sangkatauhan ayon sa espirituwal na kautusan.

Halimbawa, maaaring may ilan sa inyong nagdurusa mula sa pag-uusig ng pamilya ninyong hindi mananampalataya. Kapag magpapakita kayo ng kabutihan, hihinto ang pag-uusig nila at mababahagian ang pamilya ninyo ng ebanghelyo. Baka iniisip ng iba, "Bakit napakasama nila?" Makikipagtalo siya para sumangayon sila sa kanya. Dahil dito, mas magiging matagal at matindi ang pagsubok.

Dapat ninyong haplusin muna ng pagmamahal ang puso nila. Idalangin at paglingkuran ninyo sila sa pangalan ng Panginoon. Maging ilaw kayo na magliliwanag para sa inyong pamilya. Kahit ano ang situwasyon, isaisip ninyo ang kabutihan, magpatotoo nang may pananampalataya.

Gumawa ng mabuti sa bawat situwasyon, at tandaan ninyo ang sinabi ni Apostol Pablo, "Ako'y namamatay araw-araw." Kikilos ang Diyos sa pinakatamang panahon. Ang pinakamakapangyarihang sandata sa espirituwal na labanan ay hindi ang lakas at talino ng tao kundi ang kabutihan ng Diyos.

# “Masaya Ako Dahil sa Iyo, Aking Diyos na Buhay!”

## Halos Patay na Ako Dahil sa Atake sa Puso, Pero Muli Akong Binuhay!

Diakonesa Sungsil Kim, 62 taong gulang

Noong taong 2009, halos mamatay na ako sa ospital ng Tianjin dahil sa atake sa puso. Sinabi sa akin ng doktor ko na wala na akong pag-asang humaba ang buhay, inihanda na niya ang mga papeles na kinakailangan para sa ‘cremation’ (pagsusunog ng bangkay). Tinawagan ng anak kong si Diakonesa Songyeon Han ang kapatid kong si Diakonesa Seongok Kim sa Yanji. Sinabi ng anak ko sa kanya na gusto niyang tumanggap ako ng panalangin ni Dr. Jaerock Lee. Tinanggap ko ang panalangin para sa mga maysakit sa Pagsamba sa Linggo ng Umaga sa cell phone ko.

Pagkatapos, nagkaroon ako ng pangitain, may malaking batong lumabas mula sa dibdib ko. Hinanap ko ito. Tinanong ako ng anak ko kung anong hinahanap ko, kaya sinabi ko sa kanya ang pangitain ko. Masaya niyang sinabi, “Ligtas na ang nanay ko!”

Hiniling ko sa doktor na pauwiin na ako mula sa ospital. Pero nagsama siya ng direktor ng punerarya. Nang makita niya ako, nabigla siya dahil nakatayo na ako, parang walang nangyari. Buhay pa rin ako dahil sa kamangha-manghang kapangyarihan ng Diyos. Hallelujah!

Hindi ako gaanong nakapag-aral, wala akong maipagmamalaki. Ang kaya ko lang gawin ay ipangaral ang tungkol sa buhay na Diyos na nakatagpo ko sa mga taong walang nalalaman tungkol sa Langit at Impiyerno. Ito ang dahilan kung bakit nabubuhay ako. Nagpapasalamat at niluluwalhati ko ang Diyos.



Diakonesa Sungsil Kim (kaliwa) at Kapatid Yeonok Kim, Parokyang Tsino

## 49 na Taong Bingi ang Kaliwang Tainga Ko, pero Nakaririnig na Ako Ngayon!

Kapatid na Yeonok Kim, 57 taong gulang

Noong 9 na taong gulang ako, nagdusa ako sa matinding pananakit ng tainga at hindi nagtagal, nawalan na ng pandinig ang kaliwang tainga ko. Sampung taon na akong dumadalo sa isang simbahan, pero hindi ko marinig ang mga sermon nang malinaw.

Noong Marso 12, 2016, habang naglalakad ako sa lugar namin, nakasalubong ko si Diakonesa Sungsil Kim, nagpapamigay siya ng *Balitang Manmin*. Narinig ko sa kanya ang tungkol sa makapangyarihang pagkilos na ipinapakita ni Dr. Lee, nagparehistro ako sa iglesya noong sumunod na Linggo.

Napakaliwanag ng Santuwaryo, parang nasa Langit ako. Natiyak ko na dinala ako ng Diyos sa iglesyang ito kaya napaiyak ako, nagpapasalamat.

Bago magtapos ang buwan ng Marso, dumalo din ako sa pulong na may pagpapagaling sa Manmin Prayer Center. Pagkatapos kong mapakinggan ang sermon ng Presidente ng Manmin Prayer Center na si Boknim Lee, pinagsisihan kong may galit ako sa mga magulang, mga kapatid, at mga katrabaho ko. Pagkatapos, tinanggap ko ang panalanging may panyo na dinalanginan ni Dr. Lee (Ang Mga Gawa 19:11-12). Saglit akong may naramdamang kirot, pagkatapos, nakarinig ang kaliwang tainga kong 49 na taon nang bingi. Hallelujah!

Malinaw na ang pandinig ko. Masayang-masaya ako!

# “Tumatanggap Ako ng mga Biyaya Mula nang Baguhin Ako ng Ebanghelyo ng Kabanalan!”



Diakono Symphorien Haizuri Malumba, 55 taong gulang, Kinshasa Manmin Church, DR Congo (kasama ang pamilya niya, pang-apat mula sa kanan)

Katoliko ako dati, walang katiyakan sa aking kaligtasan. Wala ring kapayapaan ang puso ko. Nasisiyahan ako sa mga makamundong aliwan kasama ang mga kaibigan at naglalasing ako. Nagagalit ako sa iba kahit tungkol sa maliliit na bagay, nagtatanim ako ng galit. Binubugbog ko ang asawa ko, sinisisi ko siya kapag may masamang nangyayari, kahit walang kinalaman sa pamilya namin. Magulo ang pamilya namin. Tenyente ako sa Hukbong Karagatan, pero hindi tumataas ang ranggo ko sa maraming dahilan.

Noong taong 2006, nabalitaan ko na may nagaganap na kamangha-manghang pagpapagaling sa pamamagitan ni Dr. Jaerock Lee, isang mangangaral ng ebanghelyo mula sa South Korea at kilala sa buong mundo. Dumalo ako sa krusada niya sa DR Congo. Nakita kong maraming tao ang gumaling mula sa mga karamdamang hindi nagagamot at nakamamatay. Hinaplos ang puso ko ng mensahe niya. Hindi nagtagal, nabalitaan ko ang tungkol sa Kinshasa Manmin Church, pinuntahan ko ito.

Noong Enero 2007, naging miyembro ako ng Manmin, sinimulan kong pakinggan ang mga mensahe ni Dr. Lee sa GCN. Natanto ko kung ano ang buhay bilang tunay na Cristiano, napuno ako ng pagpapasalamat at kagalakan. Namangha ako nang malaman ko kung bakit si Jesu-Cristo ang ating Tanging Tagapagligtas nang basahin ko ang librong *“Ang Mensahe ng Krus.”*

Natutuhan ko ang tungkol sa paglilinis ng puso. Huminto ako sa paninigarilyo at paglalasing, at naging mahinahon ako. Hindi ko na sinasaktan ang asawa ko. Naging interesado ang mga miyembro ng pamilya ko sa iglesya dahil nakita nila ang pagbabagong buhay ko. Nagrehistro sila sa iglesya. Bukod dito, habang nagiging mapayapa ang pamilya ko, binibigyan kami ng Diyos ng umaapaw na biyaya. Hallelujah!

Noong Marso 2015, hindi ako makapaglakad nang maayos dahil masakit ang kaliwang binti ko. Nang ipanalangin ako ni Pastor Hosu Lee ng Kinshasa Manmin Church gamit ang panyong pinanalanginan ng Punong Pastor, nakalaya ako mula sa pananakit (Ang Mga Gawa 19:11-12).

Gumaling ang rayuma ng asawa ko dahil sa panalangin ng Punong Pastor para sa mga may sakit, at gumaling din ang pangalawang anak kong babae mula sa pagkalason dahil sa panalangin na may panyo. Lumalaki nang maayos ang apo kong babae, mahina siya nang ipanganak at pinanatili sa incubator.

Lubos akong nagpapasalamat sa pagpapala ng Diyos, palagi akong nagsisikap manalangin at sumunod sa Salita. Dahil ginagawa ko ito, tumatanggap ako ng maraming mga biyaya.

Mabilis ang pagtaas ng ranggo ko, naging Tenyente Komandante ako at ngayon ay (Naval) Komandante na. Ako rin ang Tagapangulo ng Church Management Committee ng Kinshasa Manmin Church. Nagpapasalamat at niluluwalhati ko ang Diyos ng Pag-ibig na nagdadala sa amin sa buhay na pinagpala.


## Mga Sangay ng Ministeryo ng Manmin sa Pilipinas

**Manila Manmin Holiness Church**
441 Patato St, J-Figueras Sampaloc, Manila, Pilipinas
Pastor Jaebhong Uhm
2-735-1423

**Bataan Manmin Holiness Church**
067 Daang Bago, Dinalupihan, Bataan, Pilipinas
Pastor Jaebhong Uhm
2-735-1423

**Isabela Manmin Holiness Church**
Purok 3, Brgy, San Roque, San Mateo, Isabela, Pilipinas
Pastor Jaebhong Uhm
2-735-1423

**Cavite Manmin Holiness Church**
5 Lot 33 Bk 1, Canutuhan (tenant), Santiago Gen.Trias, Cavite, Pilipinas
Pastor Sharon Cho
046-850-3193 / 0916-674-3903 / 0905-319-8191

**Imus Manmin Holiness Church**
Blue Bell St. Plaridel III Sub. Bayan Luma 7, Imus Cavite, Pilipinas
Pastor Jubeom Kim
0927-311-7633

**Cebu Manmin Holiness Church**
LOT N. 402 - B-4 Looc Along Side The Canjulao Road, Lapu-Lapu City, Cebu, Pilipinas
Pastor Rossetta Sung
0921-635-7595

**Davao Manmin Holiness Church**
301 Ilang Ilang St. Flores Village, Bangkal, Davao City, Pilipinas
Pastor Kathryn Kim
0908-635-2714